Microsoft

# Pag-alam sa mga mapanganib na sitwasyon

### Ano ang misimpormasyon?

Nakakaligaw na impormasyon ang misimpormasyon, puwedeng ginawa o ikinalat nang walang layuning manipulatibo o masama. Isang halimbawa nito ang isang kamag-anak na nagse-share ng palsong impormasyon sa social media nang hindi nalalamang walang katotohanan iyon.

### Ano ang disimpormasyon?

Sinadya ang disimpormasyon para lituhin o manipulahin ang tao gamit ang di-tapat na impormasyon. Halimbawa, isang video channel na ginawa para magmukhang mapagkukunan ng balita na sa katotohanan ay naglalabas ng mga hindi totoong impormasyon para kumbinsihin ang mga tao na kumiling sa partikular nitong agenda.

### Ano ang hate speech?

May ilang laman ang internet na ginawa para sa misimpormasyon o lumikha ng pagkamuhi. Tulungan ang mga estudyante na matukoy at maiwasan ang mga laman sa website na puno ng pagkamuhi – halimbawa, mga mapanlait na kahulugan kaugnay ng lahi, relihiyon o oryentasyong sexual; mga swastika; at mga masasamang larawan sa anyo ng cartoon.

## Talakayan sa klase: paano makikilala ang totoo kumpara sa fake news?

Hikayatin sila na gumawa ng kaunting pagka-detektib na digital bago gumawa ng konklusyon:

- Tingnan kung ang sinasabi sa artikulo ay naireport na sa ibang mga outlet at pagkumparahin ang lawak at mga anggulo.
- Tingnan kung ginawa ang artikulo sa paraan na parang nang-uudyok ng isang reaksiyon.
- Magsaliksik ng mga fact-checking site at organisasyon.
- Tandaan kung kailan lumabas ang artikulo, sino ang sumulat, kilala ba ang naglabas na outlet, o kung may pagkiling na mahahalata..
- Tingnan kung mukhang normal ang site o kung standard o hindi ang URL. Kung hindi, puwedeng copycat site ito o nanggagaya lamang.
- Isipin kung ang dami ng ads at pop-ups ay pahiwatig na isa itong clickbait site.

### Pagpapadala ng retrato, video at mensaheng sexual

#### Ano ang mga panganib?

Madali itong mai-forward, mai-share online, o magagamit rin sa pambu-bully o panggigipit (blackmail). Kapag nai-share na, puwedeng manatili na ito online nang habambuhay, na puwedeng makasira sa pagkakaroon ng trabaho o mailantad ang mga estudyante sa panganib ng isang criminal record.

#### Ano ang sabi sa batas?

Ang pagmamay-ari at/o pagsi-share ng nilalamang sexual na nagpapakita ng mga bata ay puwedeng ilegal ayon sa inyong lokal na batas, kahit ang kasangkot na bata ang gumawa at nag-share ng nilalaman.

#### Talakayan sa klase: paano ka tatanggi?

Sabihin sa kanila na hindi ito bagay na 'ginagawa ng lahat'. Ipaliwanag na puwede silang magtakda ng sariling limitasyon at gumawa ng kaswal na paraan ng pagsasabi sa nagtatanong na asiwa sila tungkol dito. Magandang pansalag ang patawa. Walang dapat napipilitan. Kung apektado ka, magsabi sa isang kaibigan o mapagtitiwalaang nakakatanda.

### Tulungang maging mapagmatyag ang mga estudyante sa online grooming

#### Ano ito?

- Narinig mo na siguro ang tungkol sa grooming (pag-aalaga) bilang paraan ng mga pedophile para hikayatin ang kabataan sa online na pagsasamantalang sexual.
- Ginagamit din ng mga terorista at ekstremistang rekruter ang nakakatulad na proseso para maisali ang kabataan sa kanilang mga layunin.

#### Ano ang mga palatandaan?

- Todong pagbibigay ng atensiyong personal – sobrang papuri, simpatya, pangako ng trabaho bilang modelo, regalo gaya ng pera at damit.
- Paghiling na huwag sasabihin sa iba ang kanilang relasyon o usapan.

#### Talakayan sa klase: paano ito maiiwasan?

- Pasimulan sila sa tanong na kung sino ang mga nakikilala nila online.
- Ipaalam sa kanila na ang mga komento o mensaheng may pahiwatig na sexual o hiling ng maseselang retrato ay puwedeng isumbong sa mga social media service gayundin sa mga titser at awtoridad.
- Turuan sila na pagtiwalaan ang kanilang kutob - kapag naaasiwa sila sa nangyayari, kumausap na sila ng mapagkakatiwalaang nakakatanda.

## Quiz

Ang pahina 2 nitong dokumento ay mayroong maikling quiz. Puwedeng gamitin ito sa umpisa para malaman kung marami nang alam ang mga estudyante o sa dulo para tasahin kung gaano karami ang natutuhan nila. Nasa ibaba ang mga sagot para hindi nakikita sa mismong pahina.

1. Kapag nag-share ka, maise-share na ito sa kahit sino. Puwede itong mai-post nang publiko sa internet. Puwedeng tumagal ito nang habambuhay, puwedeng masira ang hinaharap mo.
2. Puwede kang magkaroon ng criminal record. Masisira ang pagkakaroon ng trabaho sa darating na panahon.
3. Nailagay sa isang site na may URL na hindi pamilyar sa iyo o kakatwa. Nakasulat ito sa paraang mauudyukan ka. Mukha itong kilalang news website pero naiiba.
4. Mag fact-check sa tulong ng dalubhasa, sa titser mo o sa fact-checking website.
5. May humiling sa iyo na huwag sabihin sa mga kaibigan mo ang tungkol sa inyong relasyon. May fellow gamer na humiling ng address mo. May nagpadala o humiling ng mga imaheng sexual.

Quiz para sa Kaligtasang Digital

# Pagtukoy sa mga panganib

## Ano ang normal at hindi normal?

### 1. Aling tatlo sa sumusunod ang puwedeng mangyari sa content na ibinahagi mo?

- ☐ Kung kanino ka lang nag-share ang makakakita nito
- ☐ Kapag nag-share ka, mase-share ito sa kahit kanino
- ☐ Madali itong mate-trace, at mabubura ang lahat ng kopya
- ☐ Maipo-post ito nang publiko sa internet
- ☐ Awtomatikong mabubura ito pagkaraan nang ilang buwan
- ☐ Magpapatuloy ito habambuhay online, puwedeng masira ang hinaharap mo

### 2. Ano ang dalawang panganib ng pagpapadala o pag-aari ng mga retratong sexual?

- ☐ Puwedeng magkaroon ka ng criminal record
- ☐ Puwedeng lalo kang maging popular at maimbita sa mga party
- ☐ Puwedeng makasira ito sa paghahanap mo ng trabaho
- ☐ Walang panganib, ginagawa naman ito ng lahat

### 3. Ano ang tatlong babala at palatandaan ng 'fake news'?

- ☐ Lumabas ito sa site na may URL na hindi pamilyar sa iyo o kakatwa ang itsura
- ☐ Sakop nito ang sensitibo o politikal na isyu
- ☐ Nakasulat ito sa paraang nakakaudyok ng matinding damdamin
- ☐ Naireport na ito sa nakakatulad na paraan ng ibang kilalang midya
- ☐ Kamukha ito ng kilalang news website pero naiiba nang kaunti

### 4. Ano ang dapat mong gawin kapag nalaman mo ang impormasyong fake sa tingin mo?

- ☐ Huwag mo nang pansinin at magpatuloy ka na
- ☐ I-share mo sa mga kaibigan mo at tingnan kung mapapansin nila, at malalaman mo kung tama ka
- ☐ Mag fact-check sa tulong ng dalubhasa, sa titser mo o sa fact-checking website

### 5. Aling tatlo sa sumusunod ang sa tingin mo ay pahiwatig ng grooming (pag-aalaga)?

- ☐ May humiling sa iyo na huwag sasabihin sa mga kaibigan mo ang tungkol sa relasyon ninyo dahil 'di nila maiintindihan'
- ☐ Isang kapwa gamer ang nanghingi ng address o email mo para makapagpadala siya ng regalo
- ☐ Facebook post na nang-iimbita ng batang babae edad 12-14 na magpalista sa lokal na soccer team
- ☐ May nagpadala sa iyo o humiling ng imaheng sexual